# RSV

## Respiratory Syncytial Virus
**Protection for Babies and High-Risk Toddlers**

## Ano ba ang RSV?

Ang RSV ay isang seryosong bayrus sa sistema ng paghinga ng katawan na maaaring makasanhi ng malubhang sakit sa mga sanggol. Ito ay kumakalat sa ere sa pamamagitan ng pagubo at paghatsing. Ang bayrus na ito ay maaari ring manatiling buhay sa ibabaw ng mga estante o sa mga pihitan ng mga pintuan.Kapag ang inyong sanggol ay napasukan ng RSV, maaari siyang magkaroon ng mga ganitong sintomas:

- Lagnat
- Pagubo
- Tumutulong sipon na malabnaw
- Kahirapan ng paghinga

Kapag ang inyong sanggol o paslit ay may sakit, nahihirapang huminga o kung kayo ay nagaalala, magpunta kayo sa isang tagadulot ng pangangalagang pangkalusugan.

## Paano ko mapapangalagaan ang aking sanggol?

Ang inyong sanggol o paslit ay maaaring mabigyan ng bakuna para sa RSV, ang tawag dito ay **Beyfortus®**, matapos siyang maisilang. Ito ay isang gamot na maaaring ibigay sa mga sanggol at ito’y nagdudulot ng pinakamagandang proteksyon laban sa RSV. Agad-agad siyang mapoproteksyunan at ang bisa nito ay tumatagal ng anim(6) na buwan.

Kung sakali namang hindi niyo nais na mabigyan ang sanggol ninyo ng **Beyfortus®**, ang bakunang Abrysvo na ibinibigay habang buntis ang ina ay maaaring tama para sa inyo. Makipagusap sa inyong tagadulot ng pangangalagang pangkalusugan para sa karagdagang impormasyon.

# RSV

## Respiratory Syncytial Virus
**Protection for Babies and High-Risk Toddlers**

### Maaari bang mabigyan ng Beyfortus® ang aking sanggol?

Ang bakunang **Beyfortus®** ay maiaalok ng libre sa lahat ng mga sanggol at paslit sa Ontario na:

- Ipinanganak nuong taon 2024
- Ipinanganak nuong panahon ng RSV sa mga taong 2024/25(Oktubre 2024 hanggang Marso 2025)
- Ay may edad na 2 anyos gulang o mas bata pa at nagtataglay ng iba pang kondisyon sa kanilang kalusugan na inilalagay sila sa panganib na magkaroon ng malubhang sakit dahil sa RSV.

### Saan sa Hamilton maaaring makakuha ng bakunang RSV?

- Simula sa bandang katapusan ng Oktubre 2024, ang bakunang pang-RSV na Beyfortus ay iaalok sa mga sanggol na ipinanganak sa mga ospital bago sila ay ma-discharge.
- Kapag ang inyong sanggol ay ipinanganak ng mas maaga kaysa sa nasabing takdang panahon o di kaya'y hindi ipinanganak sa isang ospital, maaari ninyong mapabakunahan siya sa inyong pampamilyang duktor, isang nurse practitioner o di kaya's sa isang walk-in na klinik.
- Kung kailangan niyo ng tulong maghanap ng lugar na na kung saan mapapapabakunaan ang inyong sanggol, tawagan ang Hamilton Public Health Services sa **905-546-2424** ext. **7556**.

**Para sa karagdagang impormasyon, paki-scan ang QR code para mabisita ang** hamilton.ca/RSV